# Kabanata 18:
# ANG HIWAGA

YAKAP PA RIN ni Iska ang kampana habang binubuhat ito. Tuwing nabibigatan siya nang bahagya, ipapasan niya naman ito sa likod. Mula nang umilaw ang palawit na bituin sa kuwintas niya, mas lumakas siya at kinaya ang pagbubuhat ng kampana.

Binalikan niya ang mga kasamang iniwan sa pampang. Mas madali na lamang kay Iska ang bumalik sa pampang dahil nadaanan na niya ang daan patungo roon. Natatandaan niya kung saan siya lumiko, at tumakbo kaya naman hindi na siya nahirapan.

Ramdam niya ang ngalay sa mga kamay sa pagbubuhat ng kampana, pero napawi ang pagod niya nang makita sina Kenneth at Kiko na payapang naghihintay sa kaniya.

"Anong nangyari?" tanong ni Iska. "Bakit wala kayo pag-ahon ko kanina?" dugtong ito.

Sasagot sana si Kiko pero tinakpan ni Kenneth ang maliit na bibig nito. "Hinabol kami ng isang abnormal na sigbin. Parang pinalalayo kami sa pampang. Noong nakalayo kami, bigla na lang nawala."

"Parang may sariling isip ang sigbin. Alam ang lahat ng *tricks* na panlaban sana namin," singit pa ni Kiko na hindi nagpaawat kay Kenneth.

"Mabuti na lang at ligtas kayo pareho." Nakahinga nang maluwag si Iska.

"Bumalik kami sa pampang nang magliwanag ang paligid. Akala



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 143 11/20/2024 8:07:26 AM

namin napano ka na," sabi pa ni Kiko. Kung makapagsalita, akala mo matapang pero kanina pa siyang nagtatago sa likod ni Kenneth.

Napansin ni Kenneth ang kampana na pasan ni Iska. "Tulungan na kita?"

Lumapit ang binata sa kaniya subalit tumanggi naman si Iska na magpatulong. "Kaya ko na," sagot nito. Nag-iinit ang mga pisngi ni Iska sa hiya at kilig. Bakit parang tumitibok nang mabilis ang puso niya? Alam niyang ganito rin ang pakiramdam niya sa panaginip noong kasama niya si Kenneth.

"Pamilyar ang mga nangyayari. Parang nangyari na talaga dati," bulong ni Iska.

Nawala rin agad ang kilig ni Iska nang barahin siya ni Kenneth. "Ilang oras na lang bago ang eklipse. May oras pa para ibalik ang kampana," malamig na paalala nito.

Tama si Kenneth. Ilang oras na lang ang nalalabi. Hindi pa rito natatapos ang misyon nila. Kailangan nilang ibalik ang kampana. Kailangan pa nilang harapin ang Bakunawa.

Sa tapat ng Taktak, tinawag na ni Iska si Sinag sa pamamagitan ng pagsipol. Agad namang dumating ito. Yumuko, ibinaba ang pakpak upang silang dalawa ay makaakyat sa likuran nito. "Dalhin mo kami sa simbahan ng Antipolo," bulong ni Iska kay Sinag.

Pagkarinig nito, agad lumipad si Sinag pataas at palayo sa Huklob. Binitbit na ni Sinag ang kampana gamit ang kaniyang mga paa. Nanatili naman silang lumilipad nang mas mataas sa dati nilang nililipad upang hindi sila mapansin. Kahit na walang mortal na nakakakita kay Sinag at sa mga nakasakay rito, kailangan pa rin nilang mag-ingat. Mahirap na. Isang maling kilos lang nila, maaaring magkaroon ng problema.

Nasa himpapawid na sila. Sa mga pagkakataong iyon, hinawakan ni Kenneth ang kamay ni Iska. Bagaman nabigla, hinayaan lang ni Iska na manatili sila sa ganoong posisyon. "Pagbati." Ito lang ang bulong ng binata sa kaniya. Naisip ni Iska na sa lahat ng pagod na naramdaman niya sa buong maghapon, nakakagaan ng pakiramdam ang bating iyon.

Mula sa itaas nakita nila ang nagliliwanag na poste sa baba. May mangilan-ngilan pa ring sasakyan sa may kalsada. Napansin ni Iska na may mga bagong kainan sa may Taktak na bukas magdamag. May mga kabataan pa ring naglalakad papasok sa mga kainan na ito. Buhay na buhay pa rin ang mga tao sa labas. Walang tigil sa paglakad paroon at parito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 144 11/20/2024 8:07:26 AM

"Tila walang kakaibang nangyari sa normal na mundo," sabi ni Kenneth nang mapansin na masasaya ang mga mortal na nakikita nila mula sa himpapawid.

Napahinga na lang nang malalim si Iska.

"Oo nga. Ang swerte ng mga mortal na may nag-aalaga sa kanila," sagot ni Kiko. "Pero ayoko pa ring maging tao." Natawa na lang siya nang malakas. Napatingin siya kay Iska. Tinitingnan niya kung tatawa rin ito.

"Nakakapagod talagang maging anak ni Bathala," dagdag ni Iska. Kulang na lang bumagsak na ang balikat nito sa sama ng loob. Pero bigla siyang tinapik sa balikat ni Kenneth.

"Huwag kang matakot. Lagi ka namang ginagabayan ni Bathala," sabay ngiti pagkasabi nito. Hindi na niya maintidihan si Kenneth. May mga panahong masungit ito. May mga panahong nakakakilig ang sinasabi nito. Naku. Isusumbong niya ito kay Jane.

NAGING pahinga para kina Iska at Kenneth ang paghahatid sa kanila ni Sinag sa simbahan. Nakabawi sila ng lakas kahit papaano. Nakahinga silang muli. Iba rin pala talaga ang pagod kapag tumakbo, lumangoy, at nakipaglaban sa mga sigbin.

*Hindi biro maging anak ng isang Bathala. Napakaraming kailangang gawin. Napakaraming kailangang patunayan,* bulong ni Iska sa sarili.

Hindi rin kalayuan ang Hinulugang Taktak at ang simbahan sa Antipolo. Nalaman nilang malapit na sila dahil sa krus na nasa tuktok ng simbahan. Kulay asul ito at lalong nakikita tuwing gabi.

Mabuti na lang at hindi nakikita si Sinag ng ordinaryong mortal. Hindi rin makikita ang mga nakasakay sa kaniya. Nagpasalamat si Iska dahil malakas si Sinag upang mabuhat ang kampana kasama nilang dalawa ni Kenneth

Sa labas ng simbahan, bukas pa rin ang ilang tindahan gaya ng mga *convenience store* at ang magdamag na bukas na mga *fast food* sa paligid nito. Sarado naman ang ilang gusali gaya ng *mall*, *parking*, at ibang kapihan sa labas ng simbahan.

Nagsilbing liwanag ang mga ilaw na gawa sa capiz. Nakasabit ito sa puno ng tipolo. Nag-iingat pa rin sina Iska sa kanilang kilos dahil baka mapansin sila ng ilang nagbabantay sa loob mismo ng *compound* ng simbahan.

Tahimik ang simbahan. Para itong batang natutulog sa madaling-araw matapos ang isang buong araw na paglalaro. May palakad-lakad na guwardiya sa labas at loob ng *gate* ng simbahan. May mga tanod rin



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 145 11/20/2024 8:07:26 AM

na nag-iikot sa makitid na kalsada sa likod ng simbahan. May ilang matatandang nagdadasal na sa labas ng *gate* ng simbahan kahit sarado pa ang simbahan.

Mula sa itaas, napansin ni Iska ang hindi kumukupas na ganda ng simbahan. Ilang pag-aayos na rin ang pinagdaanan ng simbahan na ito subalit makikita pa rin ang ganda.

Nakakamangha ang bilugang hugis ng simbahan. Tila nakatuntong sa burol ang simbahan dahil pataas ang pagpunta rito. Nakapaligid rito ang iba't ibang puno ng tipolo.

"Ang burol na kinatitirikan ng simbahan ang sentro ng Hiwaga, Iska," kuwento ni Kenneth. "Sa mismong burol na ito nagtipon-tipon ang mga mamamayan tuwing kabilugan ng buwan. Ayon sa kuwento, nagising si Bathala habang tinataboy ng mga mamamayan ang Bakunawa sa burol na ito." Seryoso ang mukha ni Kenneth habang nagkukuwento.

Tumango si Iska at nakinig pa. Ito ang wala sa kuwento sa kaniya ni Lola Da.

"Kaya lang, dahil marami nang nagbago sa mundo, sa bansa, at sa burol na ito, nagkaroon ng iba't ibang pagpapaingay upang maitaboy ang Bakunawa. Ang kampana ang siyang nagtagal sa lahat ng pampaingay."

"Kung ganoon, saan galing ang kampana?" tanong ni Iska.

"Ginawa ito ng mamamayan gamit ang kanilang sinaunang mga gamit, lakas, at pagtutulungan. Ito naman ang binasbasan ni Bathala. Mahiwaga ang kampanang ito gaya ng kuwintas na suot mo." Nagpaliwanag si Kenneth habang nakatingin sa mga mata ni Iska. Naiilang si Iska na makipagtitigan nang matagal kay Kenneth pero wala namang malisya ito sa binata. Baka siya lang talaga ang nag-iisip ng kung ano.

*Iska. Ano ba 'tong nararamdaman mo? Ang dami mo pa kayang gagawin.*

Nang makita na nila ang kampanaryo, naghudyat na si Kenneth na bababa na sila. Mula kay Sinag, dahan-dahang humakbang pababa sina Iska at Kenneth papasok sa taas ng lumang kampanaryo. Muling pinasan ni Iska ang kampana pababa kay Sinag. Tumulong naman si Kenneth sa pagbubuhat kaya mas mabilis nila itong nailapag sa kampanaryo.

Nasa balikat pa rin ni Iska si Kiko. Gustuhin man niyang tumulong magbuhat, hindi niya rin naman kaya dahil nga baka madaganan lang siya ng kampana.

"Ikaw lang, Iska, ang kayang makapagpatunog ng kampana gaya sa kung paano ito nagawa ng pamilya mo noon. Ibigay mo lang lahat ng makakaya mo, ha," sabi ni Kenneth.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 146 11/20/2024 8:07:26 AM

Tuwing nagiging mabait si Kenneth, kinakabahan si Iska. Para bang may masamang mangyayari tuwing nagpapakita ito ng ganitong ugali. Huminga siya nang malalim para pakalmahin ang puso na napakabilis ng tibok.

"Ano pa'ng dapat kong malaman tungkol sa Hiwaga?" tanong ni Iska.

"Sa pagpapatunog ng kampana, nagsasama ang lakas ng mga mamamayang nauna nang patalsikin ang Bakunawa at iba pang masamang balak nito. Isama pa ang basbas ni Bathala, tiyak na matatalo ang Bakunawa. Ang kaibahan lang ngayon, Iska, ito na ang huling pagkakataon para kainin ng Bakunawa ang buwan, kapag hindi siya nagtagumpay, mawawala na siya nang tuluyan. Kaya talagang ginamit ni Hukluban ang Bakunawa dahil sa motibong ito."

"Kailangang talunin ko ang Bakunawa. Dito nakasalalay ang buhay ng pamilya ko. Dito rin nakasalalay ang kaligtasan ng Hiwaga," paalala ni Iska sa sarili.

Hindi gaya ng dati, mas may tiwala na sa sarili si Iska. Hindi man siya sobrang lakas o sobrang galing, nakakahanap naman siya ng paraan pagdating sa mga suliranin na kinakaharap niya.

"Ilang oras na lang bago ang eklipse. Ibalik natin ang kampanaryo bago pa dumating ang Bakunawa." Tumingin si Kenneth sa malayo na parang may inaabangan.

Sabay binuhat nina Iska at Kenneth ang kampanaryo. "Isa. Dalawa. Tatlo!" Sa hudyat ni Kiko, sabay nilang itinaas at isinabit ang mabigat na kampana. Inilagay rin ni Iska ang palawit sa loob ng kampana sa tulong ni Kenneth.

Mabuti na lang nakinig siya sa Science *teacher* niya noong ipinapaliwanag nito ang mga *eclipse*. Ayon sa mga balita, ngayong araw, magkakaroon ng *solar eclipse*. Ito ay isang pangyayari kung saan napapagitnaan ng buwan ang araw at ang mundo. Dahil dito, dumidilim sa ibang bahagi ng mundo na dapat ay maliwanag. Natatakpan ng buwan ang liwanag na nanggagaling sa araw.

Bagaman Science ang klase nila noon, hindi maiwasan ni Iska ang maiugnay ang buwan sa mga tao. May mga taong walang sariling liwanag kaya umaasa sa liwanag ng iba. Minsan nang naikumpara ni Iska ang sarili sa buwan. Lagi siyang umaasa sa liwanag mula sa kaniyang Mommy Jo, ang kaniyang araw. Pakiramdam ni Iska noon, wala siyang silbi dahil nakatago siya lagi sa kaniyang ina. Subalit sa paglalakbay niya ngayon sa paghahanap ng kampana, napagnilayan niyang may sariling ganda ang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 147 11/20/2024 8:07:26 AM

liwanag ng buwan. Ang liwanag ng buwan, bagama't hindi kasinliwanag ng sa araw ay nakakatulong sa mga taong may kailangan nito.

Kaya rin ni Iska na magbigay-liwanag sa abot ng kaniyang makakaya.

Sa hindi malamang dahilan, biglang naalala ni Iska ang bilin ng lola. Hindi niya makakalimutan na tuwing may eklipse, pinatatago siya ng kaniyang Mommy Jo at Lola Da sa kanilang bahay. Hindi siya hinahayaang lumabas maghapon. Sabi raw kasi, ito ang panahon na kung saan lumalabas ang masasamang nilalang at masasamang elemento. Hindi naniniwala noon si Iska sa mga kasabihan, pero ngayong nasaksihan na niya ang iba't ibang nilalang, tinatanggap na niya ang mga kasabihang ito. Napahikab na lang si Iska sa pagod.

"Iska, hindi tayo puwedeng matulog o maidlip sandali. Tingnan mo ang oras. Bago mag-alas-singko ng umaga, kailangan na natin maibalik ang kampana." Walang hinto sa pagpapaliwanag si Kenneth. Tipong buong buhay niya nang ginagawa ang bagay na ito kaya kabisadong-kabisado na niya nang buong puso.

Nanlalagkit man si Iska dahil sa halo-halong putik, lupa, at hangin na dinaanan niya, hindi niya sinubukan matulog. Tinapik-tapik niya pa ang mukha para magising. Alerto siya at mapagmatyag sa susunod pang mangyayari. Kailangang maagapan nila ang pagdating ng Bakunawa.

Mag-uumaga na pero unti-unting nagdidilim ang kalangitan. Akala mo ay may bagyong darating. Tumigil sa paglalakad ang mga tao nang mapansin iyon. Ang ilan sa kanila ay nagmamadaling lumakad papasok ng bukas na gusali sa pag-aakalang may malakas na bagyong padating. Sino ba naman kasi ang mag-aakala na didilim sa umaga?

"Hindi nakikita ng mga mortal ang mga kakaibang nilalang. Alam lang nilang madilim ngayon dahil sa ulan, o dahil sa makakapal na ulap. Hindi makikita ng normal na mga mata ang nilalang dahil sa mahiwagang hangin na naghihiwalay sa mortal at sa mga nilalang na naliligaw o pilit pumapasok sa mundo ng Hiwaga."

Napanatag si Iska sa paliwanag ni Kenneth. Kulang kasi ang sabi ni Kiko. Sabi lang nito na basta hindi makikita ng mga mortal si Sinag at sinumang nakapatong dito.

Lalong nagdilim ang kapaligiran. Buong himpapawid ang nagdilim. Tanging mga ilaw na lamang sa establisimyento ang nagbibigay ng liwanag sa mga taong nagtatago na sa mga bubong na maaari nilang silungan.

Mabilis ang tibok ng puso ni Iska pero hindi siya magpapaawat.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 148 11/20/2024 8:07:26 AM